
# Paano mapapabilang ang inyong boto

Sa araw ng eleksyon,makakatanggap kayo ng dalawang papel na balota: isang kulay **berde** para sa Mababang Kapulungan at isang kulay **puti** para sa Senado.

## Mababang Kapulungan

Sa kulay **berdeng balota**, kailangang sulatan ninyo ng numerong ‘1’ ang kahon sa tabi ng pangalan ng kandidatong pinili ninyong pang-una, numero ‘2’ ang kahon sa tabi ng pangalan ng kandidatong pinili ninyong pangalawa at ituloy sa mga susunod pa, hanggang sa malagyan ninyo ng numero ang bawa’t kahon.

Kailangang masulatan ninyo ng numero **ang bawa’t kahon** sa balota para mapasama sa bilangan ang inyong boto.


House of Representatives Ballot Paper

State

Electoral Division of Division Name

**Number the boxes from 1 to 8 in the order of your choice**

| | |
|---|---|
| 2 | SURNAME, Given Names INDEPENDENT |
| 3 | SURNAME, Given Names PARTY |
| 7 | SURNAME, Given Names PARTY |
| 8 | SURNAME, Given Names PARTY |
| 1 | SURNAME, Given Names PARTY |
| 5 | SURNAME, Given Names PARTY |
| 6 | SURNAME, Given Names PARTY |
| 4 | SURNAME, Given Names PARTY |


Remember... number every box to make your vote count

SAMPLE

Halimbawang balota

## Senado


Sa kulay **puting balota** makakapili kayong bumoto alinman sa itaas o ibaba ng guhit.




**ALINMAN** Sa itaas ng guhit

Kung boboto kayo sa itaas ng guhit, kailangang sulatan ninyo ng numero ang hindi **bababa sa 6 na mga kahon** magmula 1 hanggang 6.

Isulat ang numero ‘1’ sa kahon na para sa partido o grupo na inyong unang pinili, numero ‘2’ sa kahon na para sa partido o grupo na inyong pangalawang pinili at ang kasunod pa hanggang sa nasulatan na ninyo ang hindi bababa sa anim na mga kahon. Maaari ninyong ipagpatuloy ang pagsusulat sa mga sumusunod pang mga numero sa itaas ng guhit sa dami ng gusto ninyo.




Mga halimbawang balota

**O KAYA** Sa ibaba ng guhit

Kung boboto kayo sa ibaba ng guhit, kailangang sulatan ninyo ng numero na hindi **bababa sa 12 na mga kahon** magmula 1 hanggang 12.

Isulat ang numero ‘1’ sa kahon na katabi ng pangalan ng kandidato na inyong unang pinili, numero ‘2’ sa kahon na katabi ng pangalan ng kandidato na inyong pangalawang pinili at ang kasunod pa hanggang sa masulatan na ninyo ang hindi bababa sa 12 na mga kahon. Maaari ninyong ipagpatuloy ang pagsusulat ng susunod pang mga numero sa mga kahon sa ibaba ng guhit sa dami ng gusto ninyo.

**Huwag mag-alala kung kayo ay nagkamali.**
Makakahingi kayo ng panibagong papel ng balota at sulatan ito ulit.



Authorised by the Electoral Commissioner, Canberra